

# Uri ng proyekto sa FFW

## Disaster Mitigation

Mga trabaho na may kinalaman sa pag-aayos ng mga istruktura upang mabawasan ang mga epekto ng mga peligro;

## Disaster Preparedness

Mga trabaho na may kinalaman sa pag-hahanda bago ang kalamidad gaya ng pag-aayos at paghahakot ng mga suplay ng pagkain (stockpile), pag-aayos ng mga Water Supply Facilities, at clearing o de-clogging ng mga kanal at iba pang daluyan ng tubig;

## Disaster Response

Mga trabaho na may kinalaman sa pag-respond sa mga nakaligtas sa kalamidad gaya ng paggawa ng Temporary/Transition Shelter o Temporary Learning Spaces, pag-gawa ng communal garden, at clearing ng mga kalsada;

## Recovery and Rehabilitation

Pagkukumpuni ng mga nasirang im-  
prastruktura, clearing o de-clog-  
ging ng mga kanal, at tree planting



@dswdfo5



0951-106-5172 | 0949-132-6593



[www.fo5.gov.ph](http://www.fo5.gov.ph)



[fo5@dswd.gov.ph](mailto:fo5@dswd.gov.ph)

#DSWDMayMalasakit



Serbisyong Oragon sa Lahat ng Panahon



Mga dapat malaman  
tungkol sa programang

# Food-for-Work



## Ano ang FFW?

Ang Food-for-Work (FFW) ay isang programa ng DSWD na nagbibigay ng karagdagang pagkain (Family Food Packs) sa mga benepisyaryo kapalit ng pagtatrabaho sa komunidad. Pangunahing benepisyaryo ng FFW ang mga mahihirap na pamilya, mga apektado ng kalamidad at mga epekto ng climate change.

Layunin ng FFW na masiguro na may sapat na pagkain ang mga indibidwal na kabilang sa bulnerableng sektor ng komunidad.

## Implementasyon

- Sa **Mitigation at Preparedness**, ang mga benepisyaryo ay maaaring mag-trabaho nang hindi hihigit sa

# 30 araw

- Samantala, sa **Response at Recovery and Rehabilitation** naman, ang mga benepisyaryo ay maaaring mag-trabaho nang hindi hihigit sa

# 90 araw

## Benepisyaryo

- Mga indibidwal na

# 18 taong gulang

o higit pa

- Kung ang benepisyaryo ay 15-17 taong gulang, kailangan ay mayroon Parental Consent mulas magulang o legal guardian.
- Mga indibidwal na nakatira sa mga lugar na isinailalim sa State of Calamity;
- Mga indibidwal na kabilang sa bulnerableng sektor o apektado ng kalamidad;
- Mga indibidwal na nakatira sa mga Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs); at
- Mga indibidwal na kabilang sa listahan ng mga mahihirap na miyembro ng komunidad.

## Mga kailangan na dokumento

- **Bago**

- Project Proposal;
- Listahan ng mga benepisyaryo; at
- Listahan ng mga aktibidad o trabaho na gagawin;

- **Pagkatapos**

- Photo documentation ng mga aktibidad sa FFW;
- Relief Distribution Sheet (RDS)

## Proseso ng FFW

- Pagpili ng mga benepisyaryo at trabaho na gagawin;
- Pag-gawa at pagpapa-apruba ng Project Proposal;
- Oryentasyon ng mga benepisyaryo bago magsimula ang mga aktibidad;
- Pag-hahanda ng Relief Distribution Sheet (RDS), at pamimigay ng Family Food Packs; at
- Pag-sumite ng accomplishment report ng mga LGUs sa DSWD Bicol.

